# Mga PTP Driver – Mabilisang Kaalaman

## Paano Maiiwasan ang Pagnanakaw at Karahasan

Ang pagmamaneho ng isang Personal Transportation Provider (PTP) na sasakyan ay maaaring isang mapanganib na trabaho. Ang karahasan sa lugar ng pinagtatrabahuhan ay maaaring magresulta sa mga pinsala at posibleng kamatayan. Kabilang dito ang parehong pisikal na pag-atake at pasalitang pang-aabuso tulad ng pagsigaw o pagtawag ng pangalan. Ang katiyakang kaalaman na ito ay nagbibigay sa mga drayber ng PTP ng mga tip sa kaligtasan upang maiwasan o bawasan ang posibilidad ng karahasan sa panahon ng pamamasada.

**BISIBILIDAD**

Makakatulong ang mas malawak na bisibilidad sa iyong PTP na mabawasan ang karahasan.

- Panatilihin ang iyong sasakyan sa mga lugar na maliwanag at nakikita kapag hindi nagdadala ng mga pasahero.
- Huwag lagyan ng kulay ang mga bintana nang napakadilim para hindi makita ng mga tao ang loob ng sasakyan, alinsunod sa Batas Trapiko sa Lansangan.
- Panatilihing malinis ang mga bintana at walang mga hindi kinakailangang palatandaan o anumang nakapaskil na bagay.

**PAGPAPATAKBO NG IYONG PTP**

**Tiyakin na ang mga hakbang sa kaligtasan ng iyong sasakyan ay nasa lugar at gumagana**

- Gumamit ng personal at mga aparato sa pagsubaybay ng sasakyan, tulad ng mga global positioning system (GPS), para mahanap ka kung kailangan mo ng tulong.
- Buksan ang panloob na ilaw ng simboryo sa panahon ng mga pagsundo at pagbababa.
- Mamuhunan sa isang aparato na pwedeng ilagay ang cell phone (cell phone mount) - hindi mo nais na nakatingin sa ibaba at malayo sa daanan tuwing oras na kailangan mong suriin ang iyong telepono para sa mga direksyon o impormasyon sa biyahe. Huwag kalimutan na ang paghawak at paggamit ng isang cell phone habang nagmamaneho sa Manitoba ay ilegal.
- Gumamit at magsanay ka ng isang sistema ng komunikasyon sa iyong disptaser o iba pang drayber para sa mga kagyat na pangangailangan o pangyayari.

**PAKIKITUNGO SA MGA KUSTOMER**

- Maghanda para sa mga posibleng hindi ligtas na sitwasyon sa mga kustomer
- Beripikahin ang iyong sakay - Hinihiling sa mga sakay na hanapin ka sa pamamagitan ng pagsuri kung ang iyong plaka, gawa at modelo ay tumutugma sa iyong sasakyan sa ipinapakita sa kanilang aplikasyon (app). Maaari mo ring hilingin sa mga sumasakay na kumpirmahin ang iyong pangalan bago sila sumakay sa iyong sasakyan.
- Hikayatin ang mga sakay na naglalakbay nang mag-isa na umupo sa likurang upuan.
- Hilingin sa iyong kumpanya ng PTP na magbigay ng pagsasanay sa kaligtasan kung paano makilala, iwasan, o gawing kalmado ang potensyal na marahas na sitwasyon.
- Ipaalam sa iyong dispatser o ibang drayber kung nagmamaneho ka sa mga lugar na sa tingin mo ay hindi ligtas.
- Kung mayroon kang palaaway, lasing o galit na pasahero, at hindi ka komportable o hindi ligtas anumang oras, huminto at itigil ang biyahe.
- Kung may beripikasyon ng PIN ang iyong aplikasyon (app), huwag tanggapin ang biyahe nang hindi kinukumpirma ng iyong pasahero ang numero ng PIN.

## Para sa mga kagyat na pangangailangan o pangyayari, tumawag sa 911